**Mga kasalukuyan at pinaplanong hakbang ukol sa pagsusulong ng pagkakapantay-pantay ng lahi**

**Korporasyon ng Hong Kong para sa Agham at mga Parkeng Pang-teknolohiya (*Science & Technology Parks Corporation)***

Binubuo ng Parkeng Pang-agham (*Science Park*), InnoCentre at mga Ari-ariang Industriyal (*InnoCentre and InnoParks*), ang Korporasyon ng Hong Kong para sa Agham at mga Parkeng Pang-teknolohiya (*Science & Technology Parks Corporation)*ay isang entidad na binuo ng batas na naninindigan sa pagtatayo ng isang masiglang inobasyon at sistema ng ekolohiya para sa teknolohiya upang mapag-ugnay-ugnay ang mga may-ari ng sosyo, mapangalagaan ang mga talentong nagsusulong ng teknolohiya, mapadali ang pakikipagkolaborasyon, at mabilis na mapasimulan ang mga inobasyon upang makapaghatid ng mga panlipunan at pang-ekonomiyang kapakinabangan para sa Hong Kong at sa rehiyon.

| | |
|---|---|
| Mga Kinauukula ng Serbisyo | ● Ang HKSTP ay kasalukuyang namamahala ng ilang mga sistema ng pagpopondo na bukas para sa mga aplikasyon para sa mga karapat-dapat na indibidwal o mga kompanya. |
| Mga Kasalukuy ang Hakbang | ● Bagaman ang karamihan sa mga aplikante ng aming mga programa ay limitado sa mga kompanya, tinitiyak ng HKSTP sa lahat ng mga gumagamit ng serbisyo na mula sa iba't ibang mga lahi na ang lahat ay mayroong pantay-pantay na pagkakataong makapag-akses at makagamit ng aming mga serbisyo, at ang mga naaangkop na serbisyong may kaugnayan sa wika ay ipagkakaloob kung hihilingin ng gumagamit. |

| | |
|---|---|
| Pagtatasa ng Trabaho sa Hinaharap | • Ang HKSTP ay magpapatuloy sa mahigpit na pagpapatupad at pagtatasa ng mga pangangailangang may kaugnayan sa wika na regular na nakabatay sa bilang ng mga kahilingang tinanggap at sa bilang ng mga serbisyong interpretasyon na ipinagkaloob. |
| Mga Karagdagang Hakbang na Ginawa Na / Gagawin Pa | • Isapubliko ang pagkakaroon ng mga serbisyong may kaugnayan sa wika sa lahat ng mga sentrong pang-serbisyo at sa *website* ng HKSTP na siyang magtutulak upang bigyang-pansin ito ng mga gumagamit ng serbisyo.<br><br>Ipakita ang "kard para sa pagkilala ng wika" ("*language identification card*") sa mga sentrong pang-serbisyo upang makita na ang mga serbisyong may kaugnayan sa wika ay makakatulong sa mga gumagamit ng serbisyo na nakikipagtalastasan gamit ang limitadong kaalaman sa wikang Chinese o English.<br><br>Ilatag ang mga panuntunan kaugnay ng mga operasyon para sa mga serbisyong may kinalaman sa wika, tiyakin na ang lahat ng mag kawani, lalong-lalo na ang mga kawani na unang humaharap sa mga kustomer upang makapagbigay ng serbisyo, ay may kabatiran sa mga patakaran ukol sa mga serbisyong pang-wika at pamilyar sa mga nakatakdang pamamaraan sa trabaho, at nagbibigay sa mga kawani ng napapanahong direksyon at tulong kailanman kailanganin.<br><br>Magbigay ng pagsasanay sa mga kawani upang dagdagan pa ang kanilang pagiging maselan at palawigin pa ang kanilang pang-unawa sa pagkakapantay-pantay ng lahi sa pagkakaloob ng mga serbisyo, mga iniaatas na kasanayan at mga teknik upang makapagtrabaho nang epektibo kasama ang mga gumagamit ng serbisyo, mga tagapagsalin (*interpreters*), at iba pa. |

Para sa mga tanong kaugnay ng mga kasalukuyan at pinaplanong mga hakbang kaugnay ng pagsusulong ng pagkakapantay-pantay ng lahi, mangyaring makipag-ugnayan kay HKSTP sa pamamagitan ng mga sumusunod -

| | | |
|---|---|---|
| Numero ng Telepono. | : | 2629 1818 |
| Email | : | enquiry.marketing@hkstp.org |
| Adres sa Koreo | : | 5/F, Building 5E, 5 Science Park East Avenue, Hong Kong Science Park |

Korporasyon ng Hong Kong para sa Agham at mga Parkeng Pang-teknolohiya (*Science & Technology Parks Corporation)* Hulyo 2023